# PRESS RELEASE

**Department of National Defense – Republic of the Philippines**



Public Affairs Service, DND Annex Building, Natividad Ave., Camp General Emilio Aguinaldo, Quezon City 1110
**Website**: www.dnd.gov.ph | **E-Mail**: publicaffairs.dnd@gmail.com
**Tel**: (+632) 982-5679 | 911-6001 to 31 ext. 8229 | **Fax**: (+632) 911-7113



Date Released: **28 May 2018**

Releasing Officer: **DIR. ARSENIO R. ANDOLONG, MNSA, CESE**
**Chief, Public Affairs Service**


## SND Delfin N. Lorenzana's Message

Pambansang Araw ng Watawat
28 Mayo 2018 |Lunes | 7:30 ng Umaga | Kapitolyo, Lungsod ng Malolos, Bulacan

*[PLEASANTRIES]*

ANG WATAWAT AY ISA SA PINAKAMAHALAGANG SIMBOLO NG ISANG BANSANG MALAYA. ITO RIN AY SAGISAG NG PAGLAHOK AT PAKIKIISA SA MGA INTERNASIYONAL NA GAWAIN. IPINAGDIRIWANG NG BAWAT BANSANG MALAYA ANG ARAW KUNG KAILAN OPISYAL NA IPINAGTIBAY ANG PAGGAMIT NG KANILANG WATAWAT. SA PILIPINAS, GINUGUNITA ANG PAMBANSANG ARAW NG WATAWAT SA ARAW NANG UNANG IWAGAYWAY ANG BANDILA NG BANSA MATAPOS MAKIPAGLABAN ANG MGA PILIPINONG REBOLUSYONARYO, SA PANGUNGUNA NI HENERAL EMILIO AGUINALDO, AT MAGWAGI LABAN SA MGA MANANAKOP NA ESPANYOL. KAYA NOONG MAYO 28, 1898, PAGKATAPOS NG DIGMAAN, SA UNANG PAGKAKATAON AY INILADLAD NI HENERAL AGUINALDO ANG WATAWAT NG ATING BANSA.

MAYAMAN ANG KASAYSAYAN NG ATING WATAWAT NA KASINGYAMAN NG PINAGDAANAN NG ATING BANSA AT NG LAHING PILIPINO, KAYA NAMAN NARARAPAT LAMANG NA BIGYANG RESPETO AT PAGPAPAHALAGA ANG WATAWAT SAPAGKAT ITO AY ISANG PAALALA KUNG SINO TAYO BILANG MGA PILIPINO, AT KUNG ANO ANG HIRAP NA PINAGDAANAN NG ATING MGA BAYANI UPANG MAKAMTAN ANG KASANRILANG ATING TINATAMASA SA KASALUKUYAN. TANDA RIN ITO NG PAGKAKAISA NG BAWAT PILIPINO SA PANAHON NG DIGMA AT IBA PANG PAGSUBOK—NAGKAKAIBA MAN TAYO SA MGA PERSONAL NA BAGAY SUBALIT NAGBUBUKLOD-BUKLOD TAYO PARA SA PAGTUPAD NG SAMA-SAMANG HANGARIN PARA SA BAYAN.

IBANG HAMON NA ANG ATING KINAKAHARAP SA KASALUKUYAN—MGA BANTA NG TERORISMO, MALAWAKANG PABAGO-BAGO NG PANAHON AT PAGKASIRA NG KALIKASAN, KAHIRAPAN, KORAPSIYON, PAGLAGANAP NG MGA KRIMENG TRANSNASIYONAL AT CYBERCRIMES, AT AGAWAN SA TERITORYO.

ANG MGA PAGSUBOK NA ITO AY NANGANGAILANGAN NG SAMA-SAMA NATING PAGTUGON. BILANG PAGTUPAD SA AMING MANDATO AT SA SINUMPAANG TUNGKULIN, ANG KAGAWARAN NG TANGGULANG PAMBANSA AY PATULOY NA IPINAGTATANGGOL ANG ATING BAYAN AT ANG BAWAT PILIPINO SA MGA PANLABAS AT PANLOOB NA PANGANIB SA KAPAYAPAAN AT SEGURIDAD NG

PILIPINAS. ANG PAGTATANGGOL SA ATING TERITORYO AY NANANATILING UNA SA AMING MGA PRAYORIDAD KAYA NAMAN PATULOY KAMING NAGSUSUMIKAP UPANG MAS MABISA ANG AMING PAGBABANTAY SA INTEGRIDAD AT SOBERENYA NG BANSA. ASAHAN DIN NINYO NA MANANATILI KAMING ALERTO AT MAPAGMATYAG SA MGA GRUPONG NAGNANAIS NA SUMIRA SA ATING DEMOKRASYA AT KAPAYAPAAN. HINDI NAMIN HAHAYAANG MAGHARI ANG IDEYALISMO NG POOT AT GALIT, BAGKUS SUSUSPILIN NAMIN ITO UPANG KAPAYAAN AT SEGURIDAD ANG MANGIBABAW.

SA PAGGUNITA NATIN NG PAMBANSANG ARAW NG WATAWAT, PAGNILAYAN NATIN ANG MGA BAGAY NA NATUTUNAN NATIN BILANG ISANG BANSANG MALAYA. PUNUIN NATIN ANG ATING MGA PUSO NG TAPAT NA PAG-IBIG SA BAYAN, AT ISABUHAY NATIN ANG SIMBOLISMO NG WATAWAT—ANG TATSULOK AY TANDA NG KALAYAAN, PAGKAKAPANTAY-PANTAY, AT KAPATIRAN; ANG PAHALANG NA KULAY PULA AY NANGANGAHULUGANG KAGITINGAN AT PAGMAMAHAL SA BAYAN; ANG PAHALANG NA KULAY ASUL NAMAN AY TANDA NG KAPAYAPAAN, KATOTOHANAN, AT KATARUNGAN.

PATULOY NATING IALAY ANG ATING BUHAY SA PAGPAPANATILI NG ISANG BANSANG MALAYA.

MARAMING SALAMAT AT MABUHAY ANG BANSANG PILIPINAS! MABUHAY ANG ATING WATAWAT! ###